Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE: 9-7

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-25 NG AGOSTO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ........ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez ......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ........... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ........... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .......... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ........... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ........ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 194-T'99

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR., NA MAIPAGKALOOB NA SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA ANG LANTSANG PAG-AARI NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN PARA SA DAGLIANG PAGTUGON SA KAAYUSAN AT KATAHIMIKAN NG BAYANG ITO.

**SAPAGKA'T,** matapat na hangarin ng bayan ng Santa Cruz, Laguna na magkaroon ng sasakyang tulad ng lantsa upang magamit sa pagbabantay ng ilog at bahagi ng lawang sumasakop sa bayang ito;

**SAPAGKA'T,** malaking pakinabang ito sa pagpapabilis ng mga gawaing tutugon sa kaayusan at katahimikan ng ilog at lawa;

**SAPAGKA'T,** walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz upang makabili ng nasabing sasakyan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Edgardo T. Forca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na hilingin sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. na maipagkaloob na sa bayan ng Santa Cruz, Laguna ang lantsang pag-aari ng pamahalaang panlalawigan para sa dagliang pagtugon sa kaayusan at katahimikan ng bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pangkalahatang Paglilingkod, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
BY: W
DATE: 9-7